Makakakita ka ng mga paraan na makagawa ng mabuti. Hanapin ang mga sumusunod na bagay na ginagamit ng mga bata para **gumawa ng mabubuting bagay** para sa iba: pala, pantabas ng mga halaman, kartilya, clippers o pantabas ng mga damo, mga binhi, pandilig, kalaykay, at supot ng basura.



**Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13**

Naniniwala kami sa pagiging matapat, tunay, malinis, mapagkawanggawa, marangal, at sa paggawa ng mabuti sa lahat ng tao; sa katotohanan, maaari naming sabihing sinusunod namin ang payo ni Pablo—Naniniwala kami sa lahat ng bagay, umaasa kami sa lahat ng bagay, nakapagtiis kami ng maraming bagay, at umaasang makapagtitiis sa lahat ng bagay. Kung may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito.